# Madaling Paraan sa Pagboto

**GAWING MAKAHULUGAN ANG ELEKSIYON**

**ANG IYONG MABILISANG PATNUBAY PARA SA:**

- Eleksiyon
- Mga Kandidato
- Mga Proposisyon
- Pagboto




# IPARINIG ANG IYONG BOSES. BUMOTO!

**PRIMARYANG ELEKSIYON NG CALIFORNIA, HUNYO 6, 2006**


Ang walang pinapanigang Proyektong Madaling Paraan sa Pagboto ay isang kolaborasyon ng Opisina ng Kalihim ng Estado ng California, ang Liga ng Mga Babaeng Botante ng Pondong Pang-Edukasyon ng California at ang Aklatan ng Estado ng California, at may karagdagang suporta mula sa Pundasyon ni James Irvine at Pundasyon ng San Francisco.


**Ang LIBRENG paraan sa pagboto na ito ay maaaring makuha sa wikang Ingles, Espanyol, Tsina, Vietnamese at Korean. Bisitahin ang www.easyvoter.org para makakuha ng kopya at impormasyon sa pagboto sa mga lenguaheng ito.**

# Tungkol sa Eleksiyong ito




Ang California ay may pitong partidong pampulitika. Ang layunin ng Primaryang Eleksiyon ng Hunyo 6, 2006 ay upang bigyan ng pagkakataong makapamili ang mga botante kung sino ang gusto nilang kandidatong kakatawan sa kanilang partidong pampulitika para sa bawa't binobotohang opisina. Ang mga mananalo sa Primaryang Eleksiyon ng Hunyo para sa bawa't partidong pampulitika ay maglalaban-laban sa Pangkalahatang Eleksiyon sa Nobyembre.

Saklaw ng paraan sa pagboto na ito ang pambuong-estadong mga kandidato at dalawang proposisyon na maaaring makapagpabago sa batas ng pamahalaan. Ang iyong balota ay maaari ring magkaroon ng labanang pang-lokal at balota sa pang-lokal na panukalang-batas. **Hindi kailangang bumoto ka sa lahat.** Piliin ang gusto mong magkaroon ng karagdagang kaalaman at bumoto tungkol doon.

## MGA IMPORTANTENG PETSA

- **Mayo 22, 2006** ay ang huling araw para magparehistro upang makaboto sa eleksiyong ito. Kailangan mong magparehistro uli kung ikaw ay lumipat ng tirahan.
- Kung nais mong bumoto sa pamamagitan ng koreo (sa "balota ng bumoboto sa koreo"), kakailanganin ng opisina sa eleksiyon ng iyong county ang iyong nakasulat na kahilingan bago dumating ang Mayo 30.
- Tingnan ang likod ng balat para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto.



## ANO ANG BAGO SA ELEKSIYONG ITO?

- May bagong batas na nangangailangang ikaw ay dapat magbigay ng pagkakakilanlan kung ikaw ay magpaparehistro upang bumoto. Siguraduhing isama ang iyong impormasyon na pagkakakilanlan sa form ng pagpaparehistro. Sagutin ang form nang kumpleto at tama, kung hindi ay magkakaroon ng mga pagkaantala sa paglagay ng iyong pangalan sa listahan ng mga botante.
- Kung ikaw ay botante sa unang-pagkakataon, maaaring mangailangan kang magpakita ng pagkakakilanlan kung ikaw ay nagparehistro sa pamamagitan ng koreo.
- Maraming mga county ang magkakaroon ng bagong kasangkapan sa pagboto. I-tsek sa tagapagtala sa iyong county o sa **www.easyvoter.org** upang malaman kung ikaw ay buboto sa bagong paraan.




## TUNGKOL SA MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

Kung ikaw ay pipirma upang bumoto, ikaw ay tatanungin kung nais mong sumali sa isang partidong pampulitika. Ang partidong pampulitika ay isang grupo ng mga tao na may iisang ideya kung ano ang dapat gawin ng pamahalaan. Sila ay samasamang nagtratrabaho upang sisikaping manalo sa eleksiyon. Walang babayaran kung sasali sa isang partido. Maaari mo ring piliin ang hindi sumali sa isang partido sa pamamagitan ng pagmarka sa "tumangging magpahayag" sa form ng pagpaparehistro. Kung gusto mong palitan ang iyong partido, kumpletuhin ang bagong form ng pagparehistro.

Ang iyong piniling partido ay makakaapekto sa uri ng matatanggap mong balota sa Primaryang Eleksiyon na ito:

- Kung ikaw ay rehistrado na may partidong pampulitika, ang iyong balota ay magkakaroon lamang ng mga kandidato mula sa iyong kapanalig ng partido.
- Kung ikaw ay nagparehistro na "tumangging magpahayag" (walang partido), mayroon kang pagpipilian na mga balota sa eleksiyong ito. Maaari kang humingi ng isa sa mga balota ng mga partidong ito: American Independent, Democratic o Republican. O, makakukuha ka ng "walang pinapanigang" balota kung saan walang mga kandidatong nakalista para sa may kapanalig na opisyal.

Ang ilan sa mga may pinapanigang opisyal sa eleksiyong ito ay Gobernador, Senador ng Estados Unidos, Kongresista ng Estados Unidos, Senador ng Estado at Kinatawan ng Kongreso sa Estado. Ang mga walang pinapanigang mga opisyal ay kabilang ang Superintende ng Estado sa Pumpublikong Instruksiyon at mga lokal na opisyal. Lahat ng mga balota ay magkakaroon ng walang pinapanigang mga opisyal at mga balota sa panukalang-batas. Lahat na nasa iyong balota ay ililista sa *Halimbawang Balota* na ipinakoreo ng iyong opisina ng eleksiyon sa county.

**Para sa mga karagdagang impormasyon ng walang kapanalig tungkol sa eleksiyong ito, bisitahin ang mga website na mga ito:**

| | |
|---|---|
| **www.easyvoter.org** | Madaling-gamiting impormasyon sa limang lenguahe para sa mga bago at maraming ginagawang botante. |
| **www.smartvoter.org** | Hanapin ang iyong personal na balota at lugar na pagbobotohan. |
| **www.ss.ca.gov/elections** | May-kalaliman na Impormasyong Patnubay para sa Botante sa iba't-ibang lenguahe. |

# Mga Partidong Pampulitika

Mayroong pitong partido sa California. Tinanong namin ang bawa't isa kung ano ang kanilang pinapanindigan. Maaari mong gamitin ang mga sinabi ng mga partido upang matulungan kang magpasiya kung alin ang iyong sasalihan. O, maaari mong markahan ang "tumangging magpahayag" sa iyong form na nagpaparehistro sa botante kung ayaw mong sumali sa anumang partido.

| PARTIDO | ANO ANG KANILANG PINAPANINDIGAN | PANGUNAHING PRAYORIDAD |
|---|---|---|
| **AMERICAN INDEPENDENT** | Ang American Independent Party ay naninindigan para sa konstitusyunal na pamahalaan at pangangalaga sa mga kalayaan ng mga indibidwal na mamamayan. Naniniwala ito na dapat protektahan ng pamahalaan ang mga inosenteng buhay at itaguyod ang tradisyonal na mga kagandahang asal. Wawakasan nito ang pagpadala sa ibang bansa ng mga trabaho para sa Amerikano. | • Wakasan ang hindi legal na imigrasyon<br>• Balansehin ang badyet ng estado<br>• Bigyang pansin ang pag-aayos sa mga saplad o pilapil (levee)/mga problema sa tubig ng estado<br>311,000 na kasapi sa California*<br>619-460-4484 • www.aipca.org |
| **DEMOCRAT** | Ang Democratic Party ay naninindigan para sa mga pamilyang nagtratrabaho, makakayang pangangalagang pangkalusugan, karapatan ng babaeng pumili at mas malinis na kapaligiran. Naniniwala ang partidong ito na ang tungkulin ng pamahalaan ay ang protektahan ang karapatan ng mga indibidwal habang sinisiguro ang katatagan at pag-unlad ng bansa. | • Mahusay na edukasyon, lalong-lalo na ang magkaroon ng mas mataas na edukasyon<br>• Katatagan ng ekonomiya<br>• Ligtas na mga komunidad<br>6,748,000 na kasapi sa California*<br>916-442-5707 • www.cadem.org |
| **GREEN** | Ang Green Party ay naninidigan para sa panlipunan at pang-ekonomiyang hustisya, pagkawala ng dahas, paggalang sa pagkakaiba at proteksiyon sa kapaligiran. Naniniwala ang partidong ito na ang tungkulin ng pamahalaan ay ang kumatawan sa mga tao at protektahan ang kapaligiran. | • Sapat na suweldo, pangkalusugang pangangalaga at edukasyon para sa lahat<br>• Malinis na enerhiya at proteksiyon sa kapaligiran<br>• Reporma sa eleksiyon<br>146,000 na kasapi sa California*<br>916-448-3437 • www.cagreens.org |
| **LIBERTARIAN** | Ang Libertarian Party ay kagaya ng Amerikanong katulad ng apple pie. Kung mailalarawan mo ang iyong sarili na mapagparaya sa panlipunan at mapagkakatiwalaan sa pera, ikaw ay isang Libertarian. Naniniwala ang partidong ito na ikaw, hindi ang pamahalaan, ang dapat magpasiya kung paano mo patatakbuhin ang iyong buhay, pera, edukasyon at pamilya. | • Itabi ang iyong kinita, bawasan ang buwis hangga't maaari<br>• Turuan ang iyong mga anak sa paraang nakikita mong bagay<br>• Ligtas na mga kalsada<br>83,000 na kasapi sa California*<br>1-877-884-1776 • www.ca.lp.org |
| **NATURAL LAW** | Ang Natural Law Party ay naninindigan sa paglutas ng problema ayon sa likas na paggalaw ng buhay, halimbawa, ang meditasyon bilang alternatibo sa digmaan. Naniniwala ang partidong ito na ang pamahalaan ay narito upang pagsilbihan ang mga tao at hindi ang kabaligtaran. | • Isang alternatibo sa dalawang-partidong sistema<br>• Ituro sa mga tao ang tungkol sa mga tunay na isyu<br>• Isama ang mga karaniwang mamamayan sa pagpapatakbo ng bansa<br>24,000 na kasapi sa California*<br>760-888-9600 • www.natural-law.org |
| **PEACE & FREEDOM** | Ang Peace and Freedom party ay naninindigan para sa totoong demokratikong lipunan. Ang lahat ay dapat makinabang sa kayamanang nilikha ng lahat. Naniniwala ang partidong ito na ang tungkulin ng pamahalaan ay upang siguruhin na ang lahat ay may trabaho, bahay, edukasyon, pangkalusugang pangangalaga at pantay-pantay na karapatan. | • Pauwiin ang lahat ng mga tropa ngayon<br>• Doblehin ang minimum na sahod<br>• Isang libreng sistema , mahusay na pangkalusugang pangangalaga para sa lahat<br>59,000 na kasapi sa California*<br>510-465-9414 • www.peaceandfreedom.org |
| **REPUBLICAN** | Ang Republican Party ay naninindigan upang matulungan ang lahat ng taga California na matupad ang Amerikanong Pangarap. Naniniwala ang partidong ito na ang tungkulin ng pamahalaan ay upang magkaloob ng ligtas at mapayapang kapaligiran upang ang mga pamilya at mga negosyo ay umunlad. | • Mahusay na edukasyon para sa lahat ng mga bata<br>• Tulungan ang mga negosyo na lumikha ng mga trabaho at magpaunlad ng ekonomiya<br>• Protektahan ang mga bata sa mga manlulupig<br>5,483,000 na kasapi sa California*<br>818-841-5210 • www.cagop.org |

**Ang numero ng mga kasapi para sa bawa't partido ay nakuha noong 1/3/2006, binuo sa pinakamalapit na libo. Mayroon ding 2.9 na milyong rehistradong botante na "tumangging magpahayag."*

# Mga Kandidato para sa Gobernador


**Ang pinakamataas na boss sa California**

**Binoto sa 4 na taon**

- Pamahalaan ang karamihan sa mga departamento at ahensiya ng estado
- Aprubahan o tanggihan ang mga bagong batas ng estado
- Maghayag ng taunang badyet sa Lehislatura ng Estado
- Maghirang ng mga hukom at pinuno ng mga departamento
- Pangasiwaan ang mga kayamanan ng estado sa panahon ng emerhensiya

Hiniling namin sa bawa't kandidato na magbigay ng maikling pahayag at ang kanilang mga prayoridad. Ang mga kandidato ay nakalista ayon sa alpabeto sa loob ng bawa't partido. Ang mga partido ay nakalista ayon sa kanilang dami sa California.

## DEMOCRAT



**Phil Angelides**
Tesorero ng Estado
Edad: 52
Nakatira sa: Sacramento

**www.angelides.com**

Ako ay nagtatag ng aking sariling negosyo, natugunan ko ang pasahod, at nagtayo ako ng mga komunidad na naaayon sa kapaligiran. Sa walong taong panunungkulan bilang Tesorero, nabuwag ko ang mga pandaraya sa mga korporasyon, naipaglaban ko ang mga balanseng badyet, at namuhunan ako upang makalikha ng mga trabaho at nalinis ko ang kapaligiran.

**Mga Prayoridad:**

- Mamuhunan upang mabigyan ang ating mga anak ng pangunahing-klaseng edukasyon.
- Gumawa ng makatarungan, balanseng badyet na mangangalaga sa mga paaralan at transportasyon.
- Protektahan ang kalidad ng ating pamumuhay upang gawing pinakamahusay na lugar ang California para lumikha ng mga trabaho.



**Barbara Becnel**
Tagapangasiwang Patnugot (Executive Director), Nonprofit
Edad: 55
Nakatira sa: Pleasant Hill

**www.VoteBarbaraBecnel-Gov.com**

Mayroon akong karanasan sa pampublikong patakaran, pambatas at programa sa komunidad. Nagtrabaho ako ng halos 20 taon bilang dalubhasa sa pampublikong patakaran sa Washington, D.C. at Los Angeles. Sa kasalukuyan, pinamamahalaan ko ang maraming programang panlipunan sa isang ahensiyang "nonprofit" sa Bay Area.

**Mga Prayoridad:**

- Pabutihin ang sistema ng pampublikong edukasyon sa California upang lahat ng mga bata ay magkaroon ng pagkakataon na makamit ang mas mataas na antas.
- Tiyakin na ang lahat ng mga taga California ay magkaroon ng makakayang pangkalusugang pangangalaga.
- Alisin ang pagkiling sa lahi at klase sa sistemang pang-hustisyang kriminal sa California.



**Joe Brouillette**
Guro sa Mataas na Paaralan
Edad: 74
Nakatira sa: Granite Bay

**www.oldjoeforgovernor.com**

Nagturo ako ng mga klase sa agham panlipunan sa loob ng 44 taon kabilang ang pamahalaan ng Estados Unidos at California. May Masters Degree ako sa Edukasyon mula sa California State University, Chico at Masters of Science Degree mula sa University of Illinois.

**Mga Prayoridad:**

- Ang krisis sa sobrang populasyon ang aking pangunahing pagtutuunan ng pansin . Mula sa 6 milyon noong 1940, hanggang 36 milyon ngayon at 64 milyon sa 2050 maliban kung magsasagawa ng aksiyon sa pamamagitan ng pagbigay ng edukasyon sa bawa't taga-California.
- Ituro ang mas higit pa tungkol sa pamahalaan upang bigyang kapangyarihan ang mga botante.

# Mga Kandidato para sa Gobernador



**Jerald Robert Gerst**
Medikal Doktor/ Manggagamot
Edad: 59
Nakatira sa: Walnut Creek

Ipinanganak sa Iowa, lumaki sa aming bukid, ako ay nagtapos sa Harvard, nakamit ko ang aking MD sa UC Davis at ang aking Master's in Public Health mula sa UC Berkeley. Nag-alaga ako ng mga naghahanap-buhay sa mahigit na tatlong dekada bilang isang pang-emerhensiya at pang-hanapbuhay na doktor.

**Mga Prayoridad:**

- Balanseng badyet – sa oras.
- Pangkalahatan, nakabase sa populasyon na seguro sa kalusugan, mapanatiling pantay ang bayad sa negosyo ng mga reporma ng mga ibang seguro.
- Balanseng pondo sa paggasta sa impraistraktura; sa utang lamang ay nakakompromiso na ang kinabukasan ng ating mga anak.

---



**Vibert Greene**
Inhenyerong Mekanikal
Edad: 57
Nakatira sa: Newark

Pamamatnugot, pamamahala at sentido komon. Sinasabi ko ang aking hangarin at ang aking hangarin ay aking nasasabi. Ako ay tutupad.

**Mga Prayoridad:**

- Singilin ng buwis ang mga negosyong nagpapadala ng mga trabaho sa labas ng bansa.
- Bigyan ng insentibo sa buwis ang mga negosyong kumukuha ng mga bagong empleyado.
- Dagdagan ang suweldo at benepisyo ng mga nagtratrabaho sa estado, guro, bombero, polis at protektahan ang kapaligiran.

---



**Frank A. Macaluso, Jr.**
Manggagamot/Doktor
Edad: 47
Nakatira sa: Exeter


**www.mac4gov.com**

Ako ay isang may-ari ng maliit na negosyo na may karanasan sa pagkonsumo at pangangalaga ng langis. Bilang isang doktor, makapagbibigay ako ng mga maisasagawang solusyon sa sistema ng pangkalusugang pangangalaga ng California. Ako ay matatag na tagataguyod ng pangkalusugang pangangalaga sa mga matanda at mga walang seguro.

**Mga Prayoridad:**

- Badyet – Isang balanseng badyet na hindi gagasta nang higit sa kita ng estado
- Pangkalusugang pangangalaga – Lahat ng mga taga-California ay may sapat at makakayang pangkalusugang pangangalaga.
- Reporma sa imigrasyon – Sumulong na ngayon.

---



**Michael Strimling**
Abogado
Edad: 52
Nakatira sa: Piedmont

**www.MichaelStrimling.com**

Ipinanganak sa California, nagtapos sa UC Berkeley Law, masugid na progresibo, laban sa digmaan at mga wiretap. Nakapagtrabaho na ako sa mga korte, nakapaglitis na ako para sa mga pampublikong ahensiya, at laban sa mga nakalalasong nagbibigay dumi. Legal na tagapayo ng Peace Corps. Isang kuwalipikadong abogado, hindi artista.

**Mga Prayoridad:**

- Pangkalahatang pangkalusugang pangangalaga, edukasyon, transit, pag-aalaga sa mga bata at mga matanda.
- Mga paaralan at trabaho, hindi bilangguan; moratorium sa kapital na parusa (bitay) at mga magastos na bilangguan.
- Buwisan ang mga korporasyon sa tunay na halaga ng ari-arian, hindi kasing-baba sa mga rata ng Proposition 13.

---



**Steve Westly**
Kontroler sa Estado ng California
Edad: 49
Nakatira sa: Atherton

**www.westly2006.com**

Tumulong ako sa pagtayo ng *eBay*, isang kompanyang lumikha ng libu-libong mga trabaho. Nagturo ako sa Stanford sa loob ng limang taon. Bilang Kontroler, hinuli ko ang mga korporasyong nandaraya sa buwis, na siyang nagpasok ng $3.5 bilyon para sa mga paaralan, kalsada, at ospital na walang dagdag sa buwis.

**Mga Prayoridad:**

- Mas magandang pondo para sa edukasyon upang ang ating mga anak ay may pagkakataon na magtagumpay.
- Pangalagaan ang kapaligiran at magtaguyod ng makakayang pangkalusugang pangangalaga.
- Tumulong sa paglikha ng mga trabaho na may mahusay na pasahod para sa lahat na taga-California.

# Mga Kandidato para sa Gobernador

## REPUBLICAN




**Jeffrey R. Burns**
Pangkalahatang Kontraktor ng Gusali
Edad: 51
Nakatira sa: Huntington Beach

Ang aking 31 taon sa industriya sa pagpapatayo ng mga gusali ay nagturo sa akin higit sa lahat na ang mahusay na negosyante tinitingnan ng isang mata ang para sa ngayon, at ang isa para bukas. Lahat ng mga desisyon ng pamahalaang estado ay kailangang timbangin para sa hinaharap.

**Mga Prayoridad:**

- Mga modelong pang-badyet na kinakailangan para sa pagreretiro ng mga 78 milyon na baby boomers.
- Pag-aayos ng mga emerhensiyang serbisyo para sa pambuong-estadong sakuna o atake ng terorista.
- Isang pambansang patakaran sa imigrasyon na nakatutugon sa mga pangangailangan ng ekonomiya ng 21st dantaon.

---



**Bill Chambers**
Taga-Suwits/ Tagapreno sa Riles ng Tren
Edad: 50
Nakatira sa: Auburn

**www.billchambers4governor.com**

Ako ay isang mamamayan ng Estados Unidos, residente ng California, rehistradong botanteng Republican, nagbabayad ng buwis, taga-suwits/tagapreno sa riles ng tren (29 taon), kapitalista sa real estate, nagpapa-upa, paminsang-minsang debeloper ng real estate (small scale), magulang at lolo. Ginagamit ko ang lohika at sentido komon, hindi panloloko at emosyon.

**Mga Prayoridad:**

- Maging lubosang bukas sa publiko at media (maliban sa mga paksang estado/pambansang seguridad).
- Mamalagi sa makakaya ng badyet at bawasan, kung hindi man alisin, ang paggasta ng pork barrel.
- Hanapan ng mga solusyon ang ating mga patuloy na problema sa ating mga paaralan.

---



**Robert C. Newman II**
Sikologo/ Magsasaka
Edad: 62
Nakatira sa: Redlands


**www.newman4governor.org**

Ako ang iyong lingkod, isang Kristiyanong namumuhay ayon sa sinabi ng Bibliya na 45 taon nang kasal, may edukasyon (AA, BA, MA, PhD) at may karanasan sa pagtratrabaho sa California lamang, manwal na trabaho, naging sikologo na may karanasan sa mga sistema sa bilangguan, ospital ng estado, edukasyon, polisya at bombero, at pasahod para sa mga manggagawa.

**Mga Prayoridad:**

- Mga sagot: Nag-iisip ako sa labas ng kahon at nakaka-isip ng mga sagot o solusyon na may katuturan.
- Edukasyon: Hayaang magturo ang mga guro sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga estudyante, at bawasan ang mga pormas at pagsusuri.
- Badyet: Mamuhay ayon sa ating makakaya sa pamamagitan ng pagbawas sa paggastos; dagdagan ang kooperasyon sa loob ng partido.

---



**Arnold Schwarzenegger**
Gobernador ng California
Edad: 58
Nakatira sa: Los Angeles

**www.joinarnold.com**

Bilang Gobernador ng California pinamunuan ko ang California na nanggaling mula sa bingit ng pagkabangkarota sa pamamagitan nang hindi pagtaas ng buwis, at pinababa ang kakulangan sa istraktura, pinawalang-bisa ang buwis sa kotse, at inayos ang pasahod sa manggagawa. Ang resulta: 500,000 na bagong trabaho at mga rekord na ipinuhunan sa edukasyon.

**Mga Prayoridad:**

- Gawing mas matatag ang mga paaralan sa California upang ang ating mga estudyante ay handa para sa kinabukasan.
- Patatagin at isulong ang ekonomiya ng California upang makalikha ng mga trabaho.
- Iligtas ang mga pamilya sa California sa pamamagitan ng matitibay na batas upang protektahan ang ating mga anak.

## AMERICAN INDEPENDENT



**Edward C. Noonan**
May-ari ng Computer Shop
Edad: 58
Nakatira sa: Marysville

**www.ednoonan4gov.org**

Ako ay kuwalipikado upang bawasan ang dumaraming mga batas na sobrang-namamahala sa mga negosyo at sobrang nagbubuwis sa mga mamamayan. Kung ako ay nasa puwesto gagamitin ko ang plumang pagbeto bilang kasangkapang pangsugpo sa anumang dagdag na kahirapan sa California.

**Mga Prayoridad:**

- Gawing 2/3 mayorya para sa anumang bagong batas na ibigay sa mga taga-California. Lahat ng mga bagong batas ay bebetohin.
- Lahat ng badyet ay bebetohin para sa pagbawas ng utang.
- Ang hindi legal na imigrasyon ay dapat mahinto.

## GREEN



**Peter Miguel Camejo**
Tagapayong Pinansiyal
Edad: 66
Nakatira sa: Folsom

**www.votecamejo.com**

Kinakatawan ko ang mga tao sa California, hindi lamang ang mga mayaman. Ako ay nagtratrabaho upang depensahan ang kapaligiran at may kaalaman at karanasan sa mga isyu tungkol sa badyet, pensiyon at pag-dedebelop ng mga makakayang pabahay. Ako ay kontra sa parusang kamatayan at "three strikes" na batas.

**Mga Prayoridad:**

- Edukasyon: Gumagastos ang Califonia ng mas mababa sa 600 na dolyar kada estudyante kumpara sa pambansang average; ito ay maaaring mas higit sa 600 na dolyar.
- Alternatibong Enerhiya: Kailangan na tayong mag-umpisa ngayon.
- Malayang mga eleksiyon sa California: IRV at proporsiyonal na pangangatawan.

## LIBERTARIAN



**Art Olivier**
Dating Alkalde/ Inhenyero
Edad: 48
Nakatira sa: Bellflower

**www.electArt.com**

Kailangan ng California ang isang gobernador na makapagsasabi ng HINDI sa maaksayang paggastos. Bilang alkalde ng Bellflower, nagawa kong maalis ang lighting tax assessment ng lungsod at sabay kong napabuti ang mga serbisyo sa pamamagitan ng pribadong paggawa at patas na paraan ng pagtatawaran.

**Mga Prayoridad:**

- Bawasan ang gastos at buwis.
- Payagan ang pagtayo ng mga planta sa elektrisidad upang maiwasan ang mga blackout sa hinaharap.
- Gamitin ang lahat ng mga buwis sa gasolina, mga bayad sa lisensiya ng mga sasakyan at buwis sa pagbili ng mga kotse para sa mga pagpapagawa ng kalsada at pagpapanatili upang wakasan ang buhol-buhol na daloy ng trapiko.

## PEACE AND FREEDOM



**Janice Jordan**
Tagapayo, Aktibista, Tagapaglaban (Grappler)
Edad: 41
Nakatira sa: San Diego

**www.janicejordan.org**

Ako ay ipinanganak at pinalaki sa California. Ang aking damdamin para sa mga isyung panlipunan at pampulitika ay upang makagawa ng positibong pagbabago sa lahat ng komunidad.

**Mga Prayoridad:**

- Pangkalusugang pangangalaga.
- Sapat na sahod.
- Karapatan ng mga imigrante.


©2006 Madaling Paraan sa Pagboto

# Mga Kandidato para sa Senado ng Estados Unidos


**Ang ating boses sa Washington D.C.**

**Binoto sa 6 na taon**

- Isa sa dalawang Senador ng Estados Unidos na kakatawan sa mga tao sa California sa Washington D.C.
- Makipagtrabaho sa mga ibang Senador ng Estados Unidos mula sa ibang mga estado upang gumawa ng mga bagong batas sa Estados Unidos
- Bilang miyembro ng Kongreso, tumutulong sa paghubog ng badyet at mga prayoridad para sa pambansang pamahalaan

Hiniling namin sa bawa't kandidato na magbigay ng maikling pahayag at ang kanilang mga prayoridad. Ang mga kandidato ay nakalista ayon sa alpabeto sa loob ng bawa't partido. Ang mga partido ay nakalista ayon sa kanilang dami sa California.

## DEMOCRAT



### Martin Luther Church

Tagapangasiwa ng Programa, Retirado

Edad: 75

Nakatira sa: Acampo

**www.churchforsenate.com**

Natutugunan ko ang lahat ng mga kuwalipikasyon ayon sa nakalagay sa Konstitusyon ng Estados Unidos. Ako ay hindi kareradong propesyonal na politiko na may kaugnayan sa mga espesyal na interes. Ang aking layunin: ibalik ang pamahalaan sa "Ng mga tao, para sa mga tao, at sa mga tao" – hindi sa mga espesyal na interes.

**Mga Prayoridad:**

- Baligtarin ang kasalukuyang pagkawala ng kontrol at kasarinlan ang Estados Unidos sa mga kasunduan, kontrata, at imigrasyon.
- Ibalik ang integridad ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagbigay pananagutan sa mga hinirang at ibinotong opisyal.
- Ibalik ang pagtitiwala sa Amerika sa pamamagitan ng "pagtupad sa mga pangako" na ginawa sa mga beterano.



### Dianne Feinstein

Senador ng Estados Unidos

Edad: 72

Nakatira sa: San Francisco

**www.dianne2006.com**

Sa aking 13 taon na pagsilbi sa Senado ng Estados Unidos, ginamit ko ang aking independiyenteng boses upang makipagtulungan sa mga miyembro sa magkabilang panig, upang makahanap ng mga solusyon na may sentido komon sa mga problemang hinaharap ng California at ang bansa.

**Mga Prayoridad:**

- Talakayin ang pandaigdigang pag-iinit, na siyang pinakaseryosong banta na hinaharap ng ating planeta.
- Magkaloob ng tulong pederal upang sugpuin ang dahas na dinudulot ng mga pangkat (gang).
- Siguruhin na matutugunan ng California ang kanyang pangangailangan sa tubig sa hinaharap.



### Colleen Fernald

Ina/Artista/ Namamahala sa Negosyo (Entrepreneur)

Edad: 44

Nakatira sa: Occidental

Bilang pinuno sa kilusang makapagpapanatili, ako ay naniniwala sa pinakamataas na personal at pangsapaligirang kapakanan. Ang aking mga layunin: bigyang katuturan ang ating kapwang pinakamahusay na interes, ibalik ang tiwala sa pamahalaan, sundin ang Konstitusyon. Mangyaring ipagbigay-alam sa lahat ng kandidato kung ano ang makakukuha sa iyong boto.

**Mga Prayoridad:**

- Ibalik ang military para sa depensa, hindi ang opsiyonal na labanan. Pabalikin na ngayon ang National Guard; ang ating mga tropa sa susunod. Huwag payagan ang mga sandatang nuclear.
- Mapagkatitiwalaang sistema sa pagboto.
- Makapagpapatuloy na Estados Unidos – pagbutihin ang lokal na ekonomiya, pang-unibersal na pangkalusugang pangangalaga, proteksiyon sa kapaligiran at klima.

## REPUBLICAN



### Richard "Dick" Mountjoy

Negosyante/ Retiradong Senador

Edad: 74

Nakatira sa: Monrovia

**www.MountjoyforSenate.com**

Nakapagsilbi na ako sa Konseho ng Lungsod, Kongreso ng Estado at Senado sa Estado. Ako ay makikipaglaban upang protektahan ang ating bansa sa mga banta ng mga terorista, ang di-legal na paglusob sa sobrang maaksayang paggastos ng pamahalaan. Ako ay katutubong taga-California at kakatawan sa mga taga-California.

**Mga Prayoridad:**

- Kaligtasan sa mga border ngayon. Wakasan ang di-legal na paglusob – walang amnestiya para sa mga di-legal na dayuhan.
- Protektahan ang mga karapatan sa pribadong ari-arian.
- Alisin ang pag-aaksaya ng pamahalaan at paggasta ng "pork barrel."

## AMERICAN INDEPENDENT



**Don J. Grundmann**

Doktor sa Kiropraktiko

Edad: 54

Nakatira sa: San Leandro

**www.truthusa.org**

Ako ay mamamayan na nakaiintindi sa mga pinakamalalang pampinansiyal na krimen na ginagawa sa ating mamamayan at paano patigilin ang mga ito. Ang aking mga patakaran ay magbibigay ng kayamanan sa trabaho at prosperidad sa ating estado at bansa.

**Mga Prayoridad:**

- Ibunyag at wakasan ang mga pandarayang krimen ng Federal Reserve System at ang I.R.S.
- Itayo muli ang ating ekonomiyang pang-industriya; ihinto ang pagluluwas sa ibang bansa sa mga hanapbuhay sa pagawaan at mag-debelop ng sariling-kakayahan sa enerhiya para sa estado at bansa.
- Wakasan ang di-legal na imigrasyon.

## GREEN



**Todd Chretien**

Manunulat

Edad: 36

Nakatira sa: Oakland

**www.Todd4Senate.org**

Ako ay aktibista na sa panlipunang hustisya sa halos 20 taon at ako ay nagtapos sa San Francisco State University. Ako ay isang kasapi ng unyon, manunulat na dalubhasa sa paggawa (labor) at kasaysayan at pag-oorganiza ng mga sibikong karapatan.

**Mga Prayoridad:**

- Pauwiin kaagad ang mga tropa ng Estados Unidos mula sa Iraq.
- Bigyang-wakas ang Patriot Act.
- Doblehin ang pam-pederal na badyet sa edukasyon.

---



**Tian Harter**

Pangmamamayang Aktibista

Edad: 47

Nakatira sa: Mountain View

**www.tianharter.org**

Ako ay naging Environmental Working Group Co-Coordinator para sa GPCA sa maraming taon. Nagtapos ako ng MSEE bago nagtrabaho sa mataas na teknolohiya, at nagtapos sa AOL. Matindi ang aking pag-aalala sa ating kinabukasan, at ako ay nagsisikap upang mapabuti ito.

**Mga Prayoridad:**

- Mas maipagpatutuloy na impraistraktura: mas maraming daanan ng bisikleta, mas magandang transit, at mas mataas na densidad ng mga lungsod.
- Makikipagtulungan sa mga lobi ng nonprofit para sa kapayapaan at hustisya para sa pagpapanatili.
- Bagong liderato; wakasan ang di-legal na wiretapping at ang digmaan, walang pananagutan sa 9/11 at Katrina.

---



**Kent P. Mesplay**

Inspektor sa Kalidad ng Hangin

Edad: 43

Nakatira sa: San Diego

**www.mesplay.org**

Ako ay nakapag-aral sa mga agham (Ph.D. Biomedical engineering), sanay sa pagbabasa at pagbibigay-kahulugan sa mga batas at alituntunin sa pagpapatupad bilang isang regulator ng pamahalaan at kandidato sa pagka-presidente. Ako ay may karanasan sa iba't-ibang kultura, kabilang ang pinagmulan ng Katutubong Amerikano.

**Mga Prayoridad:**

- Lumikha ng maipagpatuloy na ekonomiya; mangunguna ang California sa bansa at sa daigdig sa teknolohiya sa hangin at araw.
- Pabutihin ang pagkuha at pagiging makakaya ng pangkalusugang pangangalaga.
- Pabutihin ang relasyon sa Meksiko.

## LIBERTARIAN



**Michael S. Metti**

May Sariling Negosyo (Self-Employed)

Edad: 53

Nakatira sa: San Diego

Bilang negosyante pareho sa pang-domestik at internasyonal, napag-aralan ko na kung paano ang matagumpay na pakikipag-ayos sa mga pribadong kompanya at ahensiya ng pamahalaan. Ang kuwalipikasyon na ito ay dapat magsilbing mabuti sa California at Washington kung saan ang pag-uwi ng hamon ay ang pamantayang praktis ng ating mga politiko.

**Mga Prayoridad:**

- Bawasan ang mga programa na nagsisilbi lamang sa mga politiko at mga grupong may pang-espesyal na interes.
- Wakasan ang Patriot Act at linisin ang kaguluhan sa ating mga border.
- Pauwiin ang ating mga tropa.

## PEACE & FREEDOM



**Marsha Feinland**

Retiradong Guro

Edad: 56

Nakatira sa: Berkeley

**www.peaceandfreedom2006.org**

Ako ay naging guro at magulang. Ako ay ibinoto upang tumulong na mapanatiling mababa ang upa sa Berkeley. Naniniwala ako na ang mga ordinaryong nagtratrabahong-klase ng mga tao ay maaaring makagawa ng mga kailangan natin at mapapangalagaan ang sangkalupaan ng mas mabuti kaysa mga sakim na may-ari ng korporasyon.

**Mga Prayoridad:**

- Pauwiin ang lahat ng mga tropa ngayon; ihinto ang paggawa ng mga sandatang nuclear.
- Ipagkaloob ang lahat ng mga pangangailangan ng mga tao: disenteng kita, pabahay, edukasyon at pangkalusugang pangangalaga para sa lahat.
- Pantay-pantay na karapatan para sa lahat kahit anong lahi, nasyonalidad o sexual orientation.

# Ibang Pambuong-Estadong Mga Opisina

## BISE GOBERNADOR

**Ang kasunod sa linya para Gobernador**

**Binoto sa 4 na taon**

- Magiging Gobernador kung ang ibinotong Gobernador ay mamamatay, piliing umalis, o naalis mula sa opisina
- May kapangyarihang paghiwalayin ang tablang boto sa Senado ng Estado
- Pamunuan ang Economic Development Commission
- Uupo sa mga board ng sistemang pang-unibersidad ng California

| Kandidato | Partido | Hanapbuhay | Residente |
|---|---|---|---|
| Liz Figueroa | Democrat | Senador sa Estado ng California | Sunol |
| John Garamendi | Democrat | Komisyoner ng Seguro sa Estado | Sacramento |
| Jackie Speier | Democrat | Senador sa Estado ng California | Hillsborough |
| Tony Farmer | Republican | Realtor | Fresno |
| Tom McClintock | Republican | Senador sa Estado ng California | Thousand Oaks |
| Jim King | American Independent | Real Estate Broker | Riverside |
| Donna J. Warren | Green | Tagapangasiwang Pinansiyal/May-akda | Los Angeles |
| Lynnette Shaw | Libertarian | Tagapag-alaga/Musikera | Fairfax |
| Stewart A. Alexander | Peace & Freedom | Konsultant sa Pagbenta ng Kotse | Murrieta |

## KALIHIM SA ESTADO

**Puno ng eleksiyon at tagapag-ingat ng rekord**

**Binoto sa 4 na taon**

- Isasaayos ang mga pambuong-estadong eleksiyon; siguruhing lahat ay maayos na mailagay sa balota
- Magtago ng mga rekord tungkol sa mga pera sa kampanya at mga taga-lobi
- Maglathala ng mga dokumentong opisyal, katulad ng mga trademark at pagpalista ng mga bagong korporasyon
- Pangasiwaan ang mga artsibo upang mapangalagaan ang kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagtago ng mga dokumento katulad ng Konstitusyon ng Estado

| Kandidato | Partido | Hanapbuhay | Residente |
|---|---|---|---|
| Debra Bowen | Democrat | Senador sa Estado ng California | Marina Del Rey |
| Deborah V. Ortiz | Democrat | Senador sa Estado ng California | Sacramento |
| Bruce McPherson | Republican | Hinirang na Kalihim ng Estado | Santa Cruz |
| Glenn McMillon, Jr. | American Independent | May-ari ng Maliit na Negosyo | Union City |
| Forrest Hill | Green | Tagapayong Pinansiyal | Oakland |
| Gail K. Lightfoot | Libertarian | Retiradong Nars | Arroyo Grande |
| Margie Akin | Peace & Freedom | Archaeologist/Medical Anthropologist | Riverside |

Ang mga kandidato ay nakalista ayon sa alpabeto sa loob ng bawa't partido. Ang mga partido ay nakalista ayon sa kanilang dami sa California.

Upang i-link ang mga kandidatong ito sa kani-kanilang mga website, bisitahin ang **www.easyvoter.org**. O, bisitahin ang **www.smartvoter.org** para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kandidato.

## KONTROLER

**Ang tagahawak ng libro sa estado**

**Binoto sa 4 na taon**

- Susubaybayan kung paano ginagasta ang pera
- Mag-isyu ng mga tseke mula sa estado at pangasiwaan ang mga koleksiyon ng pera na dapat bayaran sa estado
- Magsagawa ng awdit at pagrerepaso sa mga ahensiya sa estado
- Mag-ulat tungkol sa pananalapi ng estado at mga pamahalaang lokal
- Makipagtrabaho sa maraming konseho, kabilang ang mga konseho sa buwis

| Kandidato | Partido | Hanapbuhay | Residente |
|---|---|---|---|
| John Chiang | Democrat | Miyembro, State Board of Equalization | West Hollywood |
| Joe Dunn | Democrat | Senador sa Estado ng California | Santa Ana |
| Bret R. Davis | Republican | Negosyante | Foster City |
| David L. Harris | Republican | Negosyante | Discovery Bay |
| Abel Maldonado | Republican | Kontroler sa Negosyo/Senador | Santa Maria |
| Jim Stieringer | Republican | Tesorero ng Lungsod | La Mesa |
| Tony Strickland | Republican | Presidente ng Organisasyon ng Tagabayad ng Buwis | Moor Park |
| Warren Mark Campbell | American Independent | Ministro | Kaweah |
| Laura Wells | Green | Financial Systems Consultant | Oakland |
| Donna Tello | Libertarian | Tagakuwenta ng Buwis | Poway |
| Elizabeth Cervantes Barron | Peace & Freedom | Retiradong Guro | San Jose |

## TESORERO

**Ang bangkero ng estado**

**Binoto sa 4 na taon**

- Magsilbing bangkero ng estado at maglabas ng pera upang bayaran ang mga kuwenta ng estado
- Pangasiwaan ang $60 bilyon na mga ipinuhunan ng estado
- Pangasiwaan ang pagbenta ng mga bono sa estado
- Pamunuan ang maraming konseho na may kaugnayan sa mga pananalapi at ipinuhunan ng estado

| Kandidato | Partido | Hanapbuhay | Residente |
|---|---|---|---|
| Bill Lockyer | Democrat | Pangkalahatang Abogado ng California | Hayward |
| Claude Parrish | Republican | Miyembro, State Board of Equalization | Rancho Palos Verdes |
| Keith S. Richman | Republican | May-ari ng Negosyo/Miyembro ng Kongreso | Northridge |
| E. Justin Noonan | American Independent | Teknisiyan sa Computer | Marysville |
| Mehul M.Thakker | Green | Tagapayo ng Pamumuhunan | Oakland |
| Marian Smithson | Libertarian | Tesorero ng Lungsod/CPA | West Covina |
| Gerald Sanders | Peace & Freedom | Longshoreman/Elektrisiyan | Oakland |

Ang mga kandidato ay nakalista ayon sa alpabeto sa loob ng bawa't partido. Ang mga partido ay nakalista ayon sa kanilang dami sa California.

Upang i-link ang mga kandidatong ito sa kani-kanilang mga website, bisitahin ang **www.easyvoter.org**. O, bisitahin ang **www.smartvoter.org** para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kandidato.

## PANGKALAHATANG ABOGADO (ATTORNEY GENERAL) Ang puno ng pagpapatupad ng batas

**Binoto sa 4 na taon**

- Siguruhing ang mga batas ay maipapatupad sa iisang paraan sa buong estado
- Magsilbing legal advisor sa Gobernador, Lehislatura at mga ahensiya ng pamahalaan
- Pangasiwaan ang Departamento ng Hustisya sa estado
- Pamahalaan ang mga serip at abogado ng distrito sa buong estado

| Kandidato | Partido | Hanapbuhay | Residente |
|---|---|---|---|
| Jerry Brown | Democrat | Alkalde ng Oakland/Abogado | Oakland |
| Rocky Delgadillo | Democrat | Taga-usig/Abogado ng Lungsod | North Hollywood |
| Chuck Poochigian | Republican | Senador sa Estado ng California/Abogado | Fresno |
| Michael S. Wyman | Green | Abogado | San Rafael |
| Kenneth A. Weissman | Libertarian | Abogado | Beverly Hills |
| Jack Harrison | Peace & Freedom | Abogado/Komisyoner ng Renta | Berkeley |

## KOMISYONER SA SEGURO Ang puno sa seguro

**Binoto sa 4 na taon**

- Namamahala ng Departamento ng Seguro ng estado
- Isinasakatuparan ang mga batas na dapat sundin ng mga kompanya ng seguro
- Tinutulungan ang publiko sa kanilang mga tanong at reklamo tungkol sa kanilang seguro

| Kandidato | Partido | Hanapbuhay | Residente |
|---|---|---|---|
| Cruz M. Bustamante | Democrat | Bise Gobernador ng California | Sacramento |
| John Kraft | Democrat | Konsultant sa Seguro ng Pangkalusugang Pangangalaga | South Pasadena |
| Steve Poizner | Republican | Negosyante/Namamahala sa Negosyo | Los Gatos |
| Jay Earl Burden | American Independent | Estudyante | Marysville |
| Larry Cafiero | Green | Editor ng Pahayagan | Ben Lomond |
| Dale F. Ogden | Libertarian | Aktuaryo/Consultant sa Seguro | San Pedro |
| Tom Condit | Peace & Freedom | Manunulat | Berkeley |

Ang mga kandidato ay nakalista ayon sa alpabeto sa loob ng bawa't partido. Ang mga partido ay nakalista ayon sa kanilang dami sa California.

Upang i-link ang mga kandidatong ito sa kani-kanilang mga website, bisitahin ang **www.easyvoter.org**. O, bisitahin ang **www.smartvoter.org** para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kandidato.

## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG INSTRUKSIYON Ang puno ng paaralan sa estado

**Binoto sa 4 na taon**

- Pinamamahalaan ang Departamento ng Edukasyon sa estado
- Pinamumunuan at pinagkakalooban ng tulong sa 9,000 pampublikong paaralan sa California
- Isinasakatuparan ang mga batas at patakaran ng estado tungkol sa edukasyon
- Tagapagsalita para sa pampublikong edukasyon

Ito ay walang pinapanigang opisina, kaya hindi pinapakita ang mga partido ng mga kandidato sa balota. Kailangang isa sa kanila ay makakuha ng halos kalahati ng boto para manalo sa opisinang ito. Kapag walang nanalong kandidato sa eleksiyon ngayong Hunyo, ang dalawa sa pinakamaraming boto ang tatakbo upang maglalaban sa darating na eleksiyon sa Nobyembre. Ang bawa't kandidato ay magpapadala sa amin ng maikling pahayag ng kanilang mga prayoridad.

---



**Daniel L. Bunting**
Retiradong Superintende ng Paaralan
Edad: 74
Nakatira sa: Cloverdale

Mayroon akong 50 taong karanasan sa edukasyon bilang isang guro (K–8), principal, manunulat ng mga proyekto sa programa, Superintende sa Distrito, Miyembro ng School Board (kasalukuyang nasa Cloverdale Unified School District). Nakapagsilbi na rin ako bilang isang tagapagmaneho ng bus, at custodian sa gabi.

**Mga Prayoridad:**

- Para maging kapansin-pansin sa lahat ng mga distrito, malaki at maliit.
- Para humanap ng mas mabuting direksiyon sa pagtuturo, sa paraan kung paano matuto ang mga bata, at kung paano sila matuto nang pinakamabuti.
- Payuhan ang Lehislatura tungkol sa posibilidad ng mga batas na nakaaapekto sa mga paaralan.

---



**Sarah L. Knopp**
Guro
Edad: 28
Nakatira sa: San Pedro

**www.sarah4super.org**

Bilang isang guro sa pampitong taon na sa South Central L.A., alam ko kung ano ang kailangan upang makagawa ng pagbabago. Ako ay isang taga-organisa sa komunidad sampung taon na ngayon at ako ay may karanasan sa pagtitipon ng mga tao upang itaguyod ang mga pagbabago na kanilang gusto.

**Mga Prayoridad:**

- Mas mababang sukat ng klase
- Itaguyod ang paglaban sa pagsusuri at pagkaroon ng pananagutan na usong ginawa ng Walang Batang Maiiwan.
- Magtrabaho patungo sa hindi pagbubukod ng mga paaralan. Ang pagbubukod ang pinakasama kumpara sa anumang panahon mula noong 1968.

---



**Diane A. Lenning**
Edukator/May-akda/ May-ari ng Negosyo
Edad: 59
Nakatira sa: Huntington Beach

**www.DianeLenning.com**

Ako ay isang pambansang lider ng edukasyon at dating tagapangasiwa ng Republican Education Caucus; tagataguyod para sa pagkakaroon ng kapangyarihan sa pamamagitan ng edukasyon. U.S. Senatorial Medal of Freedom Award; pagsusulat, pagsasalita, pag-lolobi; pambansa, estado, lokal. Guro ng tatlumpong taon, Broad National Award-winning school district.

**Mga Prayoridad:**

- Ang ligtas na mga paaralan ay nagkakaloob ng kapaligiran upang matuto at magtagumpay ang estudyante.
- Ang kontrol sa pamamagitan ng mga lokal na konseho ng paaralan ay nagsusuporta sa kolaborasyon ng komunidad, progresong pang-akademiko, mga programang pagtuturo.
- Ang pagbibigay kapangyarihan sa edukasyon babawasan ang dami ng umaalis sa paaralan, sinisiguro ang pagiging marunong, inihahanda ang puwersa ng pagtrabaho, makakamit ang Amerikanong panaginip.

---



**Grant McMicken**
Guro ng Matematika
Edad: 60
Nakatira sa: El Dorado Hills

**www.grant-us-ed.com**

Mayroon akong 25 taon na karanasan sa pagtuturo at sampung taon bilang computer programmer at consultant para sa pederal, estado, at pribadong sector ng negosyo. Alam ko ang mga problema na hinaharap ng ating mga bata at guro. Mayroon akong mga solusyon para sa karamihan ng mga problema.

**Mga Prayoridad:**

- Magtayo ng pang-akademikong orientasyon, mga programang pagsasanay sa karera sa mga mataas na paaralan.
- Magtayo ng talaang datos ng mga planong leksiyon na madaling hanapin base sa karaniwan na maaaring makuha ng mga guro at mga magulang.
- Kailangang kunin ang mga kursong algebra at applied/business mathematics para sa pagtapos sa mataas na paaralan.

---



**Jack O'Connell**
Superintende ng Estado/Guro
Edad: 54
Nakatira sa: San Luis Obispo

**www.oconnell2006.org**

Nakapagtrabaho na ako sa larangan ng edukasyon nang mahigit 30 taon na bilang isang magulang, guro, kasapi ng konseho sa paaralan, mambabatas sa estado at ngayon Superintendente ng Estado. Sa panahon na iyan, binawasan ko ang mga sukat ng klase, dinagdagan ko ang pananagutan at ipinagtaguyod ko ang karagdagang kagamitan para sa ating mga bata.

**Mga Prayoridad:**

- Ipagtaguyod ang karagdagang pondo para sa ating mga paaralan.
- Gawin ang pag-aaaral na lalong angkop na kasanayan at siguruhing ang ating mga magtatapos ay mas lalong handa upang lumahok sa pagtratrabaho o magtagumpay sa mas mataas na edukasyon.
- Kumuha at panatilihin ang mga bagong guro.


©2006 Madaling Paraan sa Pagboto

# Mga Proposisyon

Sa eleksiyong ito, ang mga botante ng California ay hinihiling na bumoto ng OO o HINDI sa dalawang proposisyon na maaaring magpabago sa mga batas ng estado. Ang Proposisyon 81 ay isang panukalang-batas sa bono na ipinalagay sa balota ng Lehislatura ng Estado. Ang Proposisyon 82 ay isang "inisyatibo," na nangangahulugan ang mga pirma ng mga botante ay kinuha at inipon upang mailagay ito sa balota.

Ang mga ito ay maikling paglalarawan sa bawa't proposisyon. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Impormasyong Patnubay ng Botante* na ipinakoreo sa bawa't botante. Ang "mga argumento" para sa at laban sa ay mga opinyon ng mga taong sumusuporta at kumakalaban sa mga proposisyon.

## 81 Mga Bono sa Aklatan

**Kung paano ito ngayon:** Karaniwan, ang mga lokal na pamahalaan ang nagbabayad para sa gastos ng pangangasiwa at pagpapatayo ng mga lokal na aklatan. Paminsan-minsan, ang mga pondo ng estado ay ginagamit din. Bilang halimbawa, sa taong 2000, inaprubahan ng mga botante ang $350 milyon na bono para sa mga proyektong pagtatayo ng gusali sa mga aklatan. Ang perang iyan ay ginamit sa 45 na proyekto. May iba pang 60 na nag-aplay ngunit hindi ito napondohan.

**Ano ang gagawin ng Proposisyon 81:** Payagan ang estadong magbenta ng $600 milyon na bono para sa pagpapagawa, pagpapapabago o pagpapalawak ng mga pampublikong aklatan upang mapagsilbihan ang mas maraming taga-California. Ang perang ito ay hindi maaaring gastahin sa mga libro at materyales o sa mga kasalukuyang gastos ng pagpapatakbo ng aklatan. Upang makakuha ng halaga sa bonong perang ito ng estado, ang lokal na pamahalaan ay kailangang magbigay ng 35% sa halaga ng proyekto.

**Epekto ng paggasta sa pamahalaan:** Bagong gastos ng estado ng mga 1.2 bilyon upang bayaran ang $600 milyon na bono at $570 milyon sa interes sa loob ng tatlumpong taon. Ito ay magiging gastos ng estado na mga $40 milyon kada taon. Ang mga lokal na pamahalaan ay gagasta rin ng mga $320 milyon galing sa kanilang sariling pondo.

### Mga argumento para sa:

- Ang mga aklatan ay nagkakaloob ng kritikal na serbisyo sa komunidad kagaya ng programang pagiging marunong bumasa, libreng paggamit ng mga computer at sa internet, at ligtas na mga lugar para sa mga bata upang gumawa ng leksiyon sa bahay.
- Kailangan nating ipagpatuloy ang mamuhunan sa ating mga aklatan – pagpapatayo ng mga bagong aklatan at pagpapaayos sa mga luma – upang matugunan ang paglago ng estado.

**www.yesforlibraries.com**

### Mga argumento laban sa:

- Ang pagbabayad sa hiniram na perang bono para sa mga aklatan ay maipapasa lamang sa ating mga anak.
- Ang Gobernador at Lehislatura ay dapat gumawa ng pagbawas sa badyet upang may makukuhang sapat na pera upang bayaran ang mga proyekto sa aklatan na hindi hihiram ng karagdagang pera.

**www.protecttaxpayers.com**

## ANO ANG MGA BONO?

Ang mga bono ay isang paraan upang ang pamahalaan ay makahiram ng pera. Kapag nakapagbenta ng bono ang pamahalaan, ipinapangako ng pamahalaan na bayaran ang perang ito na na may dagdag na interes. Ang perang pambayad sa mga bono ay manggagaling mula sa kita ng estado at mga buwis sa pagbenta.

**Para sa mga karagdagang impormasyon ng walang kapanalig tungkol sa eleksiyong ito, bisitahin ang mga website na mga ito:**

| | |
|---|---|
| **www.easyvoter.org** | Madaling-gamiting impormasyon sa limang lengguwahe para sa mga bago at maraming ginagawang botante. |
| **www.smartvoter.org** | Hanapin ang iyong personal na balota at lugar na pagbobotohan. |
| **www.ss.ca.gov/elections** | May-kalaliman na Impormasyong Patnubay para sa Botante sa iba't-ibang lengguwahe. |

## 82 Buwis para sa Public Preschool

**Kung paano ito ngayon:** Mga 62% na mga bata sa California ang pumapasok sa ilang uri ng grupong preschool o programang pambata bago magpunta sa kindergarten. Mga kalahati ay nasa pampublikong programa kagaya ng Head Start o pinondohan ng estadong preschool o childcare. May maraming pagkakaibang binibigay ang mga programa sa preschool, kung magkano ang kanilang iginugugol sa pagiging handa sa paaralan at pagsasanay sa guro.

**Ano ang gagawin ng Proposisyon 82:** Palitan ang Konstitusyon ng Estado upang upang makapaghandog sa lahat ng mga apat-na-taong gulang na bata sa California ng karapatan sa isang taong libreng preschool umpisa sa 2010. Ang estado ang magpapatakbo ng programa sa pamamagitan ng County Offices of Education, na gamit ang mga dati at bagong preschool. Ang mga pamilya ay magkakaroon ng pagpipilian na mga libreng preschool, magbayad sa pribadong preschool o walang preschool.

Ang pampublikong preschool ay popondohan ng karagdagang 1.7% na buwis sa kita ng mga indibidwal na kumikita nang lampas ng $400,000 at mag-asawang kumikita nang lampas sa $800,000. Ang estado ay magbibigay ng pamantayan kung ano ang ituturo sa mga programang preschool. Dapat matugunan ng mga guro ang mga mas mataas na edukasyong kinakailangan at mabayaran sila nang mas mataas sa kasalukuyang mga guro sa preschool.

**Epekto sa paggasta ng pamahalaan:** Ang bagong buwis galing sa suweldo ay inaasahang makakapaglikom ng mga $2 bilyon kada taon. Ang perang ito ay maaari lamang gastahin sa programang pampublikong preschool. Sa unang 10 taon, ang ibang bahagi ng pera ay gagamitin upang magpatayo ng mga gusaling preschool at pansanay sa mga guro.

### Mga argumento para sa:

- Ang Prop 82 ay magbibigay sa lahat ng mga bata ng karapatan sa mataas na kalidad na preschool at sisiguruhing may mga magagaling na mga guro sa lahat ng preschool.
- Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mamuhunan sa preschool ay magdaragdag sa tagumpay ng mga estudyante sa pagbabasa at pag-aaral, at ginagawang mas kaunti ang posibilidad na sila ay aalis sa paaralan.

**www.YesOn82.com**

### Mga argumento laban sa:

- Ang California ay may matinding problema sa badyet. Ang programang ito ay magbibigay ng libreng preschool sa mga pamilyang may kaya.
- Upang mapabuti ang pag-aaral ng mga estudyante, kailangan tayong mamuhunan sa K-12 na mga paaralan sa halip ng magtayo ng panibagong buong burukrasya sa preschool.

**www.NoProp82.org**

## TUNGKOL SA MADALING PARAAN SA PAGBOTO

Ang walang pinapanigang *Madaling Paraan sa Pagboto* ay isang kolaborasyon ng *Liga ng Mga Babaeng Botante ng Pondong Pang-Edukasyon ng California, ang Opisina ng Kalihim ng Estado ng California* at ang *Aklatan ng Estado ng California*, na may karagdagang suporta mula sa *Pundasyon ni James Irvine* at *Pundasyon ng San Francisco*. Ang patnubay na ito ay inilalathala na para sa pambuong-estadong eleksiyon sa California mula 1994.

Maraming tao ang tumulong upang pagsamasamahin at ipamigay ang patnubay na ito. Ang mga kabilang na kaakibat: ang *Liga ng Mga Babaeng Botante ng Pondong Pang-Edukasyon ng California* – Jacqueline Jacobberger, Robbie Davis, Jill Kaiser Newcom at Carol Souza Cole, ang *Opisina ng Kalihim ng Estado ng California* – Caren Daniels-Meade at John Mott-Smith; ang *Aklatan ng Estado ng California* – Susan Hildreth at Jacquie Brinkley; at Kathy Hassan at ang Sentro para sa Asianong-Amerikano para sa Sariling Pagbibigay-Kapangyarihan o Center for Asian Americans for Self Empowerment (CAUSE). Espesyal na pasasalamat sa pangkat sa *Opisina ng Pang-Lehislatibong Analyst*. Ang mga literary consultants: Constance Mack, Patricia Rosado at Resonja Willoughby.

Ang *Madaling Paraan sa Pagboto* ay ginawa ng *Common Knowledge*: Susan S. Clark, Antonia Hollander, Brenda Bonhomme, Mony Flores-Bauer. Ang pagrepaso ng proposisyon ay ginawa ni Linda R. Davis. Ang disenyo sa grapiko at produksiyon ay ginawa ni: Gino Squadrito ng *Laser.Com*. Ang disenyo sa balat ay ginawa ni Leah Prahm. Ang mga tagapagsalin: Victor Reyes, Claire Liu, Jacki J. Noh, at Dzung Pham. Ang www.easyvoter.org website ay pinapanatili ng *Literacyworks*.

Suportado nang bahagi ng *U.S. Institute of Museum at Library Services* sa ilalim mga ng probisyon ng *Library Services at Technology Act*, na pinamamahalaan sa California ng Librarian ng Estado.

# Madaling Paraan sa Pagboto

**Primaryang Eleksiyon ng California**
**Martes, Hunyo 6, 2006**


# Ang pagboto ay kasingdali ng 1-2-3!

## 1 MAGPALISTA UPANG BUMOTO



- Upang bumoto sa eleksiyon ng Hunyo 6, dapat kang magparehistro (magpalista) upang bumoto bago dumating ang Mayo 22. Ito ay libre!
- Upang makakuha ng form sa pagpapaparehistro, maaari kang:
  - Tumawag sa 1-800-345-8683 upang mapadalhan ka ng form.
  - Kumuha ng form sa aklatan, post office, DMV, o iba pang mga pampublikong lugar.
  - Bisitahin ang **www.ss.ca.gov** at i-klik ang "Magparehistro upang Bumoto."
- Habang kinukumpleto mo ang form, siguruhing ilagay ang iyong impormasyon na pagkakakilanlan. Ito ay bagong batas.
- Dapat kang magkumpleto ng bagong form ng pagpapaparehistro ng botante kung ikaw ay lumipat sa bagong tirahan, nagpalit ng pangalan, o gusto mong palitan ang iyong partidong pampulitika.

## 2 MAGHANDA UPANG BUMOTO



- Upang malaman ang tungkol sa eleksiyon, ang mga nakarehistrong botante ay makakukuha ng dalawang buklet sa koreo:
  - Nakalista sa *Halimbawang Balota* ang lahat na mga kandidato at panukalang-batas na nasa iyong balota.
  - Saklaw ng *Patnubay na Impormasyon sa Botante* ang impormasyon tungkol sa mga pambuong-estadong proposisyon at ilan sa mga kandidato.
- Hindi mo kailangang iboto ang lahat na nakalagay sa iyong balota. Piliin ang mga bagay na mahalaga sa iyo at alamin ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga ito.

## 3 BUMOTO!



- **Bumoto na personal:** Tingnan ang mailing label sa iyong *Halimbawang Balota* para malaman kung saan ka pupunta. Ang iyong lugar na pagbotohan ay magiging bukas mula sa 7 ng umaga hanggang 8 ng gabi. May ilang mga county na may mga malapit na puntahang lugar kung saan ka maaaring bumoto sa Araw ng Eleksiyon.
- **Bumoto sa koreo:**
  - Ang form upang humiling ng "balota ng bumoboto sa koreo" ay darating kasama ng iyong *Halimbawang Balota*. Sagutin ang form at ipadala sa koreo upang dumating sa iyong opisina ng eleksiyon sa county bago Mayo 30.
  - Kung gusto mong bumoto sa koreo sa bawa't eleksiyon, maaari mong i-tsek ang kahon para sa "Permanenteng Botanteng Nagpapakoreo" sa iyong hiniling na form ng balota ng bumoboto sa koreo.
  - Kung ang iyong balota ng bumoboto sa koreo ay dumating sa koreo, kumpletuhin at ipadala sa tamang oras upang dumating sa Araw ng Eleksiyon. O, maaari mong ihulog saanmang lugar na pagbobotohan sa iyong county nang hindi lalampas sa 8 ng gabi sa Araw ng Eleksiyon.

**Bisitahin ang www.easyvoter.org, www.ss.ca.gov at www.smartvoter.org para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto at tungkol sa eleksiyong ito.**